AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## BATA MAY TANONG KA BA SA COVID-19? FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL
**Lesson 24**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa* ***"Epekto ng Coronavirus sa Tao".*** *Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!* |

**Bata, May Tanong ka ba sa COVID-19? - Lesson 24**

Sources: World Health Organization & Department of Health

**I.PAGBATI**
Isang mapagpalang araw, mga ka-AHA! 💜 Nandito po ulit si Teacher ____ 👩🏻‍🏫. Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. ❓🦠

**II.❓ KATANUNGAN SA ARAW NA ITO**
Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa liham ni Aira ng Malabon.

📃 Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:

Teacher, ano po ang mangyayari kapag nagkacoronavirus ang isang tao? Mamamatay po ba sila?

**III.💬 PAG-USAPAN NATIN**
Hi, Aira!

Salamat sa pagtatanong. 🤗

--

Base sa World Health Organization (WHO), ang mga karaniwang epekto ng coronaviruses 🦠 sa tao ay lagnat 🤒, pagkapagod 😩, at dry cough 🗣️. Ilan sa mga pasyente ay nakararanas ng sipon 😭 at baradong ilong 😪, sore throat, o diarrhea

🚽. Habang isa ⅙ na pasyente ang nagkakaroon ng hirap sa paghinga 😖 at nagiging malubha ang kalagayan 😞. Mayroon ding mga positibo sa COVID-19 na hindi nakakaramdam ng anumang sintomas o asymptomatic.

Maaari din itong magdulot ng kamatayan sa ibang tao, ngunit madalang itong mangyari. Ayon sa pinakahuling data na naitala ng  WHO, nasa 3-4% lamang ng mga positibo sa COVID-19 ang namatay dahil sa sakit. (Labanan ang takot at magtiwala sa Diyos at sa mga doktor at nars. Maniwala na kaya nilang pagalingin ang taong may sakit. May superpower kaya sila na pagalingin ang may karamdaman . 😇👩⚕️👊🦠)

**IV.✊ HAMON**

Kaya naman may hinandang kanta si Teach para matandaan natin ang kailangan nating gawin kontra COVID-19. 🎶👩🏻🏫

Naalala niyo ba yung commercial ng Colgate na "Brush , Brush, Brush 3x a Day"? 🤔 Ito ang gamitin nating tono ng kantang "Wash your hands, wash your hands. Hooray!" 💧🧼🤲🙌

Wash your hands, wash your hands. Hooray! 💧🧼🤲🙌

Wash your hands, to keep COVID-19 away. 💧🧼🤲❌🦠

Wash your hands, wash your hands. Hooray! 💧🧼🤲🙌

Wash with Bath Soap. 💧🧼🤲

Isa, bago kumain, wash your hands. 💧🧼🤲🍱

Dalawa, pagkatapos kumain, wash your hands. 🍽️💧🧼🤲

Tatlo, 'pag maglalaro, wash your hands. 🤼‍♂️💧🧼🤲

Wash with Bath Soap. 💧🧼🤲

Wash your hands, wash your hands. Hooray! 💧🧼🤲🙌

Wash with Bath Soap. 💧🧼🤲

Kaya imbis na matakot, alagaan at linisin ang sarili 😉. Palakasin at palusugin ang katawan upang magkaroon ng malakas na resistensya panlaban sa COVID-19. 👊🦠

Just remember, wash your hands, to keep COVID-19 away. 💧🧼👐❌🦠

**V. 💡 PAG-ISIPAN**

Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

🔎 Anu-ano ang mga karaniwang epekto ng coronaviruses sa tao?
🔎 Kumpletuhin ang pangungusap. __ ng pasyente ang nagkakaroon ng hirap sa paghinga at nagiging malubha ang kalagayan.
🔎 Ilang porsyento ng positibo sa COVID-19 ang namatay?
🔎 Tama o Mali. Ilan sa mga pasyente ay nakararanas ng diarrhea.
🔎 Ano ang termino na tumutukoy sa mga positibo sa COVID-19 na hindi nakakaramdam ng anumang sintomas?

**VI.👋 PANGWAKAS NA BATI**

At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. 📲👩🏻🏫

Magkita-kita tayo ulit tayo bukas para sa “Bata, may tanong ka ba sa COVID-19?” 👧🏻👦🏻❓

Maraming Salamat sa pakiki-isa! 🤗
-

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."